



Handiong, Bayaning Mandirigma

Ibalon ang lumang pangalan ng rehiyon ng Bicol. Sa tatlong bayani ng epikong Ibalong, pangalawang dumating sa rehiyon ang bayaning si Handiong na kasama ang mga mandirigma. Isa siyang prinsipeng Malay.

May apat na katangian si Handiong na nagsisimula sa titik M—Makisig, malakas, matapang at magaling sa pamumuno si Handiong. Kaya naman halos lahat ng mga babae ay humahanga sa kanya.

Tahimik na buhay ang gusto niya para sa Ibalon. Bumuo siya ng isang bayan. May iba't-ibang laki ng bahay na moog dito na gawa sa kamagong at banasi. Itinayo ang mga ito sa itaas ng puno para makaiwas sa sobrang init, kagat ng insekto at mababangis na hayop.

“Magtatanim tayo ng linsa at palay para wala sa ating magugutom,” utos ni Haring Handiong.

Nanguna siya sa paggawa ng unang bangka na siyang kauna-unahang nag-layag sa Ilog ng Bikol.

“Sa tulong ni Guimantong, ang bangkang ito ay tatakbo nang





maayos gamit ang timon at layag,” ang sabi ni Haring Handiong.

Pasalamat tayo kay Guimantong dahil sa kanyang imbensyon: ang bolo at mga gamit sa pagtatanim tulad ng kalaykay, asarol; at maging ang paggamit ng ganta at iba pang panukat. Naging masagana ang ani dahil sa mga gamit na ito.

“Haring Handiong, narito po ang ilang gamit sa paghahabi katulad ng panghabi at kidkiran,” ang masayang sabi ni Hablon. Si Hablon ay tumulong sa paggawa ng palayok, lutuan, at iba pang gamit pambahay na yari sa putik. Naimbento ni Sural ang sistema ng panulat, ang alpabeto na naukit sa “ bato ng Libon” at pinakinis naman ito ni Gapon.

Ipinatupad ang batas para sa proteksyon ng buhay at dangal ng nasasakupan. Pantay ang pagtingin sa lahat.

Isang araw, nagkuwento si Haring Handiong kay Sural tungkol sa madugong labanan sa masukal na lugar ng Ibalon.

“Alam mo Sural, sa Ponong, halos sampung buwan akong nakipaglaban sa mababangis na halimaw na may isang mata at tatlong leeg, pating na may pakpak sa ilalim ng dagat, mabangis na tamaraw at mga buwayang kumakain ng tao at mas malaki pa sa bangka.” ibinida ni Handiong.



“At sa bundok Kulasi naman ay nakatakas ang mga sarimaw. Ibinaon ko naman sa Hantik ang mga serpyente na may boses na mala- sirena.

“Si Oryol ba kamo Haring Handiong? Ang itinatangi ng iyong puso Haring Handiong?” sabat ni Sural at nanunukso..

“Oo. Si Oryol nga, ang isang ahas na minsan ay nagiging serpyente at minsan naman ay isang napakagandang babae. Tumatawa lang siya dahil lagi siyang nakakatakas sa akin, libong beses ko man siyang itali.

“Kaya pala kahit maraming dalagang lumalapit sa iyo’y wala kang magustuhan Haring Handiong!” sabi ni Sural. Hindi sumagot si Haring Handiong.

Malimit na tinatawag ni Oryol ang pangalan niya sa malambing nitong boses.

Hahanap naman siya ni Handiong sa kagubatan. Minsan si Oryol ay mapaglaro, mapang-akit, at minsan naman ay kakampi sa laban.

Minsan, sa laban sa mga higanteng buwaya ay naging tagapagtanggol siya. Hindi natinag sa laban ni Handiong at kanyang kasamahang mandirigma. Pumula ang ilog ng Bikol sa nagaping higanteng buwaya.

“Hooo hooo hoooo!” sigaw ng mga naglalakihang pongo, orangutang at bakulaw na nagtatakbo sa takot, papunta sa Bundok ng Isarog.





“Nasaan na si Oryol Haring Handiong?” Gusto mo bang hanapin siya? tanong ni Sural.

Sasagot na sana si Haring Handiong nang biglang yumanig ang lupa at umuga ang moog. Nabiyak ang lupa! Isang napakalakas na lindol ang bumayo sa Ibalon. Tatlong bulkan ang halos sabayang pumutok—ang Hamtik, Kulasi at Isarog. Isang porma ng lupa ang umusbong mula sa dagat na tinawag na Pasacao.